

# Tungkol sa Aso

---

U Z. Eliserio

**K**inalasan na si U ng girlfriend n'ya. Panay tuloy ang yaya n'ya sa aking lumabas. Kailangan daw n'ya ng kausap. Panay ang ngawa ni U tungkol sa girlfriend n'ya. Para lang noong sila pa.

Sa Technohub kami nagkita, sa Figaro. Kape-kape. Marami raw magandang *call center agent* sa paligid, sabi ni U. Mas bukas daw sa *sex* ang mga *call center agent*, sabi ni U. Wala pa raw s'yang nakaka-*sex* na *call center agent*, sabi ni U. Ano ba raw ang alam n'ya?

*Sex* daw ang naging problema nila, sabi ni U. Hindi raw sila *compatible*.

Limang taon na si U at ang girlfriend n'ya. Sila noong 2007 hanggang 2010, at 2011 hanggang unang *quarter* ng 2013. Mula Pebrero ng 2010 hanggang Enero ng 2011, nagkaroon ng ibang *boyfriend* ang girlfriend ni U. Isang linggo pa lang daw ng una nilang *break* nang magkaroon ng bago ang girlfriend ni U. *I can have another U Eliserio, matter fact he'll be here, Eliserio.* Iyon daw ang kanta ng girlfriend n'ya.

Pag umabot na ng limang taon ang magkasintahan, dapat mag-*break* na sila o magpakasal, sabi ni U. Ayaw magpakasal ni U. Wala raw s'yang kilalang mag-asawang masaya. Wala raw kasi tayong *divorce*. Dito raw, sabi ni U, *either* may asawa ka, o masaya ka.

*Heartbroken* daw si U noong una nilang *break*. Lalo na nang mapalitan s'ya agad. Nagsubok s'yang maghanap ng kapalit, kaso walang gustong pumatol sa kanya. Tumanda na kasi ako, sabi ni U. Ang sabi na lang n'ya,

nang makabalikan sila, kaya s'ya hindi nakahanap ng kapalit ay dahil hindi s'ya naghanap ng kapalit, kasi wala raw papalit sa *girlfriend* n'ya. Naniwala s'ya, sabi ni U, at naniwala na rin ako.

May aso si U at ang *girlfriend* n'ya. Askal, Chocolate ang pangalan. Kasi maputi, sabi ni U. Hindi lang naman daw *sex* ang problema nila ng *girlfriend* n'ya. Pati raw aso pinag-aawayan nila. Ayaw kasi ni U ang magka-roon sila ng aso. Para raw itong anak, at ayaw n'yang magkaanak. Ayaw n'ya ng responsibilidad. Sa bahay ng *girlfriend* n'ya nakatira 'yung aso. Noong una, lagi s'yang tinatahulan nito. Alam sigurong ayaw ko sa kanya, sabi ni U. Mahusay daw mag-alaga ng aso ang *girlfriend* ni U. Pag sinabi raw nitong *paw*, nakikipagkamayan 'yung aso. Hindi raw ito nanunugod 'pag may pagkain. *Sit*, sasabihin daw ng *girlfriend* ni U, at uupo ang aso. Uupo raw ito kahit nakalagay na sa planggana ang pagkain, at kakain lang 'pag sumenyas na ang *girlfriend* ni U. Isang beses nag-away sila dahil ayaw sumama ni U sa *vet* para pabukanahan 'yung aso. Isang beses naman, sa sobrang pagkahol sa kanya nito, naihi si Chocolate. Naihian ni Chocolate ang *girlfriend* ni U.

Ilang beses nang namatayan ng aso si U. Si Aktong, aso nila noong 90's. Kasama n'ya ito noong lumindol, noong 1991. Itim ito, takot sa paputok. Sa sari-sari *store* noon ng pamilya ni U natutulog si Aktong. Isang araw, nanligaw ito malapit sa may simbahan, ilang kanto ang layo mula kina U. Hindi na ito bumalik.

Si Casper ang pumalit kay Aktong. Napulot lang nila ito. Dahil maraming lasenggo sa sari-sari *store* nila U, naambunan ito ng pulutan. Maliit na aso si Casper, makapal at mahaba ang buhok. Parang trapo 'pag natutulog. Isang araw, may dumaang babae, sa kanya raw 'yung aso. Casper daw ang pangalan nito. Sabi ni U, ang galing naman daw na pareho ang pinangalan sa aso ng orihinal nitong may-ari at ng mga nakapulot dito. Hindi sila naniwala sa ale. Hindi nila pinayagang kunin nito ang aso. Nawala raw si Casper ilang araw pagkatapos, sabi ni U. Ayaw ni U magkaaso, kasi nawawala lang ang mga ito.

Takot si U magmahal. Ng aso. Takot s'yang magmahal, kahit hindi ng tao. Takot s'yang ma-*attach*, sabi ni U. Takot s'yang maging *dependent*. Takot s'yang mangailangan. Takot s'yang mangulila. Takot s'yang umasa. Takot s'yang magtiwala. Takot s'yang mag-alaga. Takot s'yang alagaan. Takot s'yang maging masaya. Takot s'yang maging malungkot, kaya s'ya malungkot.

Ubos na ang kape ko. Hindi pa ubos ang kape ni U. Hindi pa nga nababawasan. Ayaw n'yang inumin. Ayaw n'yang ubusin. Ayaw n'yang umuwi, sabi ni U. 'Pag umuwi raw s'ya, mag-i-Internet s'ya. Pag nag-Internet s'ya, pupunta s'ya ng Facebook. 'Pag nasa Facebook s'ya, makikita n'ya ang mga picture nila ng girlfriend n'ya. Ex ko, sabi ni U. Hindi ko na s'ya girlfriend, sabi ni U. Ex ko na s'ya. Kailangan na n'yang umuwi, sabi ni U. Kailangan n'yang mag-delete ng pictures sa Facebook.

Nagsimula ang pagkaagnas ni U noong 2010, nang mag-treinta s'ya. Kakatapos pa lang nilang mag-break noon, iyong una nilang pangmatalang paghihiwalay. Ang akala ni U, pwede na n'yang gastusin ang kanyang pera sa sarili n'ya, imbes na sa dates nila. Plano n'yang bumili ng iPad, ng iPod, ng iPhone. Napunta sa gamot lahat ng pera n'ya. Tinamaan s'ya ng gallstones.

Matagal na paghihirap bago s'ya nagpunta sa doktor. Tag-init kasi, at panay ang tutok n'ya ng electric fan sa kanya. Kaya siguro nananakit ang likod n'ya, sabi ni nanay ni U. Bumili ako ng aircon, sabi ni U. Para hindi nakatutok sa iisang bahagi ng kanyang katawan ang lamig. Lumamig nga. Sinipon pa nga s'ya. Pero hindi naalis ang sakit.

Naglagay s'ya ng Vicks. Naglagay s'ya ng Salonpas. Gumamit s'ya ng Efficascent Oil. Naibsan pero hindi nawala ang sakit.

Lumipas ang mga araw, sabi ni U. Lumipas ang mga linggo. Lumipas ang mga buwan. Tumindi nang tumindi ang sakit. Jessie Mae, sigaw n'ya. Jessie Mae! Hindi s'ya naiyak nang mag-break sila. Hindi n'ya sinigaw ang pangalan nito sa pangungulila. Pero dahil sa gallstones, naiyak s'ya. Dahil sa gallstones, isinigaw ni U ang pangalan ng girlfriend n'ya.

Sa wakas ay nagpunta sila sa doktor. Asawa ng pamangkin ng tatay ni U, para libre ang konsultasyon. Pinapunta s'ya sa laboratoryo, para ma-test ang kanyang dugo. Kinailangan din n'yang magpa-ultrasound. Matagal na akong hindi nakikipag-sex, sabi ni U. Paano ako mabubuntis? Pero sinunod n'ya ang doktor.

Hindi taga-St. Luke's ang doktor ni U, pero sa laboratoryo malapit dito s'ya nagpatest, sa may E. Rodriguez. Maaga silang dumating ng nanay n'ya, alas syete pa lang. Wala pang tao. Doon din sa lab na 'yon nagpa-test ang girlfriend n'ya, sabi ni U. May problema kasi ito sa mens, dysmenorrhea. Hindi ito sinamahan ni U, sabi n'ya, kasi kakailanganing gumising nang maaga. Binalikan din s'ya ng karma. Kinailangan din n'yang gumising nang

maaga para sa sarili n'ya. Pagdating nila sa laboratorya ng nanay n'ya, wala pa ang doktor na mag-u-*ultrasound*. Alas-nuwebe pala ito darating. Nagpa-*blood test* na lang muna s'ya.

Mahirap s'yang kunan ng dugo, sabi ni U. Mataba raw kasi s'ya noong 2010, sabi n'ya. Kahit ngayon, sabi ko. Pumayat na raw s'ya, sabi ni U. Pero noong 2010, mas mataba s'ya. Mahirap s'yang kunan ng dugo. Panay ang pitik ng *nurse* sa braso n'ya. Nakailang tusok ito ng *syringe*. Sampung minuto bago makunan ng dugo si U. Pero kailangan pa rin nilang hintayin ang doktor na namamahala sa *ultrasound*.

Nagpunta muna sila sa *McDo*, sabi ni U. Kumain na lang muna sila ng agahan. Alas-otso sila bumalik. Marami nang tao. Nagkapila na. Walong tao ang nauna sa kanya sa pila. Dumating ang alas-nuwebe, wala pa rin ang doktor na namamahala sa *ultrasound*. Dumating na s'ya sa unahan ng pila, wala pa rin ang doktor na namamahala sa *ultrasound*. Alas-diyes y medya dumating ang doktor na namamahala sa *ultrasound*. Nakatulog ang nanay n'ya sa sofa.

Pinainom ng tubig si U. Walang tubig sa laboratoryo. Kinailangan n'yang lumabas sa laboratoryo para bumili ng mineral water sa malapit na sari-sari. Malaki ang binili ni U, 500 ml. Inumin daw n'ya lahat, sabi ng doktor. Ininom n'ya ang *three-fourths*, sabi ni U. Pinahiga s'ya ng doktor. Pinahiran ng malamig na *jelly*. Pinaikot-ikot. Pinasadahan ng *gadget*. Mukhang *mouse* ang pang-*ultrasound*. Malamig ito. Ilang beses s'yang natawa sa pagkakaakiliti. Mabilis maproseso ang resulta ng *ultrasound*. Iyong sa *blood test*, hindi. Kailangan daw nilang balikan, alas-kwatro pa raw. Umuwi na muna kami, sabi ni U. Nanay na lang daw n'ya ang bumalik para sa *blood test results*.

Isang buwan ang ginugol ni U sa pag-inom ng gamot para sa *gallstones*. Panay ang kanta n'ya ng "Alive" ng *Pearl Jam*. Gumaling naman s'ya ng hindi kinakailangan ng operasyon. Natunaw daw ng gamot ang *gallstones* n'ya. Malamang, hindi nga sila *gallstones*. *Fats* lang daw na bilog, sabi ng doktor n'ya. Balik daw sa *junk food* at *fastfood* si U. Balik sa *softdrinks*. Pagkatapos ng isang buwan, nagkasakit naman s'ya sa panga. Namaga ang *lymph nodes* n'ya. Pumunta sila sa ibang doktor. Mataba 'yung doktor. Nakinig ito nang kaunti sa kwento n'ya, pagkatapos ay nagbigay agad ng re-seta. Wala pang limang minuto ang inabot ng konsultasyon. Inom ulit ng bagong *set* ng gamot si U. Nawala ang magang *lymph nodes* n'ya. Isang buwan ulit ang lumipas. Nagkakuliti naman s'ya.

Sanay na naman sa kuliti si U. Tampulan nga s'ya ng asar ng mga kamag-anak at ibang tambay sa kanilang sari-sari noong bata s'ya. Kasi tuwing tag-init, nagkakaroon s'ya ng kuliti. Mamboboso raw s'ya. Pero matalagal na s'yang hindi nagkakakuliti. *High school* pa ang huli, sabi ni U. Tsaka iba ang kuliting sumapi sa kanya. S'ya rin kasi ang may kasalanan. Nang sinimulang tumubo ng kuliti, nag-*eye drop* agad si U. Kaso matapang daw 'yung gamot, at imbes na mawala'y dumami ang kanyang kuliti.

Pumunta na naman sila sa ibang doktor. Kadiri ang doktor na ito. Panay ang hawak sa mga kuliti ni U. Pindot nang pindot sa kanyang mata. Dito ba raw 'yung masakit, sabi ni U, o e eto, masakit ba? Masakit! 'Yan at 'yan at 'yan pa, lahat masakit! Pagkatapos hawakan ng doktor ang mga mata n'yang may kuliti, panay daw ang tanggal nito ng muta. Walang *gloves-gloves*, sabi ni U. Niresetahan s'ya ng *eye drops*, iyong mas mild. Tsaka pina-yuhan s'yang mag-*hot compress*. Iyon daw ang magpapaputok ng mga kuliti n'ya.

Pahiya na sa mga estudyante, tiniis ni U ang kumukulung tubig sa *towelette*. Kahit magkapaso-paso na s'ya'y di n'ya inaatras ang *hot compress*. Nalapnos tuloy ang talukap ng kaliwang mata n'ya. Hindi natuyo ang nanay. Nangitim ito't sumama sa balat. Naging mala-mole, sabi ni U, bilugang langib.

Dalawang buwang binuno ni U ang kanyang mga kuliti. Ibinaba n'ya ang nibel ng init ng kanyang *hot compress*, pero hindi n'ya 'to tinigilan. Paso-paso pa rin s'ya. Tuwing nawawala ang isang kuliti, may pumapalit. Para silang nakapili sa loob ng mata ko, sabi ni U. Pero lumipas ang mga araw at unti-unti rin silang nawala. Mga natira pang mangisa-ngisa noong ikatlong buwan, pero sa huli, pati ito'y nagapi n'ya. Akala ko hindi sila mawawala, sabi ni U. Tinanggap ko nang bahagi sila ng buhay ko. Tanggap ko nang may sunog na parte ng talukap ng kaliwang mata ko, sabi ni U. Pero pati iyon, nawala. Lahat ng sakit, nalalampasan. At kung hindi malampasan, natanggap na lang.

Tulad ng mga paltos n'ya sa paa nanunubig at nagnanana. Nagsimula ito noong magtrabaho s'ya sa UPLB. Ang sinisisi ni U, ang labanderang malapit sa *apartment* na inupahan n'ya. Doon kasi nagsimulang mangati ang singit n'ya. Noon pa rin nagsimula ang problema ni U sa paa.

Makati, makati ang mga paltos. Puti ang mga ito, hanggang sa kamutin n'ya, pagkatapos namumula, nagdudugo, nagdidilaw, nangingitim.

Paikot-ikot sa mga talampakan n'ya. Umaayat hanggang sakong, minsan hanggang binti. Sinubukan n'ya ang lahat. Mula langgas hanggang *ointment*. Pero ayaw tumigil ang siklo. Ipinapanganak ang mga paltos, lumalaki, papatayin n'ya sa kamot, natutuyo, sumisibol muli. May mga araw noon, sabi ni U, gusto ko na lang magpapatol ng paa. Hanggang ngayon may ganito pa ring problema si U. Hindi na kasinlala, pero hindi nawawala. Para lang 'tong *psoriasis* ko, sabi ni U, sabay turo sa namamalat at namumulang mga pisngi.

Buti na nga raw nag-*break* sila, sabi ni U. Magkakaroon s'ya ng mas maraming panahon para makapagbasa. Mas maraming panahon para mag-sulat. Sabi ko, wag s'yang kumanta ng "*Bluer than Blue*."

Maraming proyekto sa utak ni U. Marami s'yang pinaplanong libro. Modernista, sabi n'ya. Modista? Modernista, sabi ni U. Mga pangungusap na nangingitlog ng pangungusap, nang mag-isa. Bumubulwak, umaapaw. *Mala-Malone Dies*. *Zerg rush* ng mga salita. Ang gusto ni U, gumawa ng mga libro tulad ng mga inilarawan sa *entry* ng *experimental literature* sa *Wikipedia*.

Gusto n'yang gumawa ng libro ng *acrostic*, gawa sa iba't ibang linya mula sa iba't ibang tula. *Acronymic* na, *cento* pa, sabi ni U. Gusto n'yang gumawa ng *mesostic* gamit ang "*Talks at the Yenon Forum*" na puro mga *art for art's sake* na *slogan* ang lumalabas. Gusto n'yang gumawa ng mga *anagram base* sa mga sikat na *passages* mula sa bibliya. Gusto n'yang gayahin ang *Alphabetical Africa* ni Walter Abish. Ang anino ay alingawngaw. Gusto n'yang *i-apply* ang prinsipyo ng *antonymy* sa mga pamosong linya mula sa panitikang Filipino. Mabubuhay ako nang hindi man lang nakikita ang paglubog ng araw. Gusto n'yang gumawa ng bananagram mula sa kanyang pangalan. Gusto n'yang gumawa ng sarili n'yang wika, tapos isasalin n'ya ang lahat ng paborito n'yang libro sa wikang ito, na tatawagin n'yang Eliseri.

Sabi ni U, gagawa s'ya ng *definitional literature* base sa *Noli me Tangere*. Gusto n'yang gumawa ng nobela na nakasulat sa Ingles pero Filipino. *I was poo soy moo nah*. Gusto n'yang *i-apply* ang *constraint* ng *larding* sa "Bayang magaliw/ Perlas ng Silanganan." Gusto n'yang gumawa ng *limerick* sa Filipino. Gusto n'yang gumawa ng nobelang *lipogram*. 'Yung walang a, sabi ni U. Imposible 'yon, sabi ni U. Kaya o na lang.

Gusto n'yang gumawa ng kwento na puro hayop ang talinghaga. Binaboy nila ang aking pagkatao. Ngising aso ang tatay ko. Luha ng buwaya

lang ang napakita n'ya sa burol. Kayod kabayo ito. Ang *twist*, sabi ni U, ang mga mura puro tarantado, gago, wala *ever* na hayop ka!

Gusto n'yang gumawa ng *beautiful in-law* at *beautiful outlaw* na ang paksa'y pakikiapid ng isang misis sa kanyang bayaw. Gusto n'yang gawing tula ang "Dapat Mabatid ng mga Tagalog." Puro *eye rhyme* lang, sabi ni U, para madali.

Gusto n'yang gumawa ng parang *Choose Your Own Adventure*. Nagawa na 'yon ni Tolentino, sabi ko.

Gagawa raw s'ya ng *chimera*. Ang pangunahing texto'y *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*. Ang mga *noun* daw ay papalitan n'ya ng mga *noun* mula sa kahit anong *romance novel*. Ang mga *verb*, mula sa mga kolum ng Xerex. Ang mga *adjective*, mula sa *Kapitan Sino*. *Heret* 'yon, sabi ni U, *Heret* ang pagbigkas, wag kang nakakahiya.

Gusto n'yang gumawa ng bersyon n'ya ng *Isang Daang Milyong Tula*. Gagawa raw s'yang epiko na *chronogram*, kulay 1984 dahil iyon ang petsa ng kanyang kapanganakan. Gagawa s'ya ng *cylinder* na nobela. Kahit saang kabanata ka magsimula, sabi ni U, pwede, kahit saang kabanata ka tumuloy, pwede. Walang hanggang libro.

Gagawa raw s'ya ng serye ng mga kasabihan gamit ang metodo ni Delma. Baba, bantot ba? Hindi ko pa sigurado, sabi ni U. Kailangan ko pa ng oras, sabi ni U. May oras na raw s'ya, ngayong *break* na sila.

Gagawa raw s'ya ng *eodermdrome*. Iyong bersyong salita, sabi ni U. Mahirap masyado 'pag titik. Hahanap daw s'ya ng kakilalang mag-aasawa tapos gagawan n'ya ng *epithalmium*. Sa totoo, sabi ni U, dapat gagawan ko kami ni Clementine. Makakahanap ka rin ng bagong *girlfriend*, sabi ko. Hindi iyon totoo.

Gagayahin daw ni U si Goldsmith. Gagawa s'ya ng nobela na *encoding* ng isang *tabloid*. Gagawa s'ya ng nobela na *transcript* ng isang araw ng *broadcast* ng *Love Radio*. Gagawa raw s'ya ng sarili n'yang *radio station*. *Axiomatic* 'Yan! Deleuze FM! Puro raw musikang gawa n'ya ang papatugtugin dito. Mala-Cage, sabi ni U. "Leron Leron Sinta" na may tatlong minutong katahimikang sa pagitan ng bawat nota. Para 'yung *jazz* na inilarawan sa isang episode ng *Parks and Recreation*. Sabay na pagpapatugtog ng lahat ng kanta ng *Eraserheads*. Gagawa raw s'ya ng *Tumblr* na *sottosalin*. Minsan nagtatagal sa pag-ibig, minsan, imbes, masakit.



Gagawa raw s'ya ng *grammatical translation* ng, ng, ng... Tanong ko, ng ano? Ewan, sabi ni U. Dapat *Florante at Laura*, kaso wala s'yang memo-ryadong linya. Tsaka may ganun ng baryasyon sa *El Bimbo* ni David, sabi ko.

Gagawa raw s'ya ng sarili n'yang bersyon ng mga kanta ng *Eraser-heads*. Di ba kasi, sabi ni U, sa "Pare Ko," puro mura. Pero pagdating sa ibang kanta, *censored* na. Tatanggalin ko ang  *censorship*, sabi ni U. Sa "*Kama Supra*"! Ba't di ka na lang sumama? Sa "*Sembreak*"! Kumustang bakasyon mo? Ako heto pa rin, nababato, tumatae sa banyo. Sa "Huling El Bimbo"! Sa panaginip na lang pala kita magagalaw. *Censored* pa rin ang magagalaw, sabi ko. Tarantado raw ako, sabi ni U. S'ya na nga raw ang nawalan ng *girlfriend*, ako pa ang may ganang mang-*correct*.

Gagawa s'ya ng parodiya gamit ang algoritmo ni Matthews. Gagawa s'ya ng nobelang *palindrome*. Aba direk, kerida ba? Gagawa s'ya ng *slenderized* na gawa ni Bonifacio. Ang dapat mabati ng mga Tagalog. Gagawa s'ya ng *snowball*. Gagawa s'ya ng tula para sa mga utal. Aanhin ang hinhin sa salbaheng babae. Gagawa s'ya ng *left-handed lipogram* tungkol sa pangan-galiwa. May *lipogram* ka na, sabi ko. Puro naman galing sa *Oulipo Compendium* ang gagawin mo.

Hindi, sabi ni U. *Springboard* daw n'ya 'yun, pero marami pang iba. *Asemic writing. Cut up. N + 7. Oulipo* ulit, sabi ko. Gusto raw n'yang mag-pakalunod sa proyekto, sabi ni U. Pero hindi n'ya magawa. Bawat isulat n'ya, nagiging tungkol sa *girlfriend* n'ya.

Isalin mo na lang ang *Finnegans Wake* sa Filipino, sabi ko. Tapsilog, sabi ni U.

Madalas i-*Google* ni U ang sarili n'ya. Kadalasan ay mga *blog* lang n'ya ang lumalabas. Meron din iyong *family picture* nila na nasa *blog* ng hipag n'ya. Iyong may *post* kung saan nakasiliwalat ang mga sikreto n'yang pam-pamilya lang dapat. Tipong palayaw n'ya noong bata (Utotino), tipong mga detalye sa kanyang pagtutuli (*second year high school* na s'ya natabasan). Pero minsan, pag napapahukay s'ya, nakakakita s'ya ng mga post ng estudyante n'ya. Masakit, sabi ni U. May isa raw, sinabing nakikitawa lang kahit *corny* s'ya. May isa naman, panay ang kumento tungkol sa kanyang katabaan.

Madalas pag-awayan ni U at ng *girlfriend* n'ya noon ang pakikitungo n'ya sa mga estudyante. Guro rin kasi ito, at mas bukas ang lapit sa pagtu-



turo. *High school* kasi e, sabi ni U, mababait pa. Tas, syempre, *adviser* s'ya. E di mas malapit sila.

Mahilig ipagmalaki ni U na kahit hindi n'ya estudyante ay *dina-drop* n'ya. Ang nangyari kasi, nagpalit sila ng room ng isa n'yang *co-teacher*. May dumating na lalake isang araw, hindi n'ya kilala. Estudyante ko raw s'ya, sabi ni U. Dalawang linggo ka nang *absent*, sabi raw n'ya dun sa estudyante. Drop ka na! Saka lang n'ya natantong malamang sa malamang estudyante ito ng *co-teacher* n'ya. S'ya rin naman ang may kasalanan, sabi ni U, kung nag-*drop* nga s'ya. Ba't naman s'ya papayag ma-*drop* ng hindi n'ya guro?

Madalas magpunit ng papel si U. 'Pag walang *page number*. 'Pag hindi naka-*staple*. 'Pag mali ang *margin, font size, spacing*. 'Pag mali ang *spelling* ng pangalan n'ya. 'Pag ginagawang apelyido ang pangalan n'ya. 'Pag nilalagyan ng *period* ang U. 'Pag sa wikang Ingles nakasulat. Damay-damay 'pag magalit s'ya. 'Pag natapon na n'ya sa sahig ang papel ng isang estudyante, hahanapan n'ya ng mali ang susunod. Lukot ang papel. Asul ang tinta.

Madalas, 'pag nagkikita ang mga guro, puro reklamo sa estudyante ang usapan. May dalawang *co-teacher* si U, *thesis adviser* at *critic* ng isang *graduating*. Nang magsalita ang *critic* sa presentasyon ng estudyante, panay ang bara sa kanya. Sumbong ng *adviser*, noong silang dalawa na lang daw ang magkasama, tinawag na epal ng estudyante ang *critic*, na para bang hindi nito alam na magkaibigan sila! May isa pang *co-teacher* si U, may pilit na nagpa-*enlist* dahil kulang daw sa *units*. Pagkatapos ng unang *meeting*, gusto nitong lumipat ng *section*, na-estriktuhan. Pagkatapos, bumalik, pinagbawalan daw ng *registrar*. Pagkatapos, hindi na pumasok. Hindi na sila takot sa singko, hindi na sila takot na masayang ang *tuition*. Hindi na sila takot sa amin, sabi ni U.

May isang beses daw, dalawang linggo silang pasok para maisulat ng mga estudyante ang kanilang *major paper*. Pilit daw ipinapasa ng isa ang tatlong pirasong *yellow paper*. At nang pinapalabas n'ya sa kwarto, ayaw umalis. Pilit pa rin nang pilit na tanggapin n'ya ang sulat kamay nitong gawa. Hindi sa garantiya ang 20 pahinang nakaprint sa kalidad. Ang isa pa raw n'yang estudyante sa klaseng iyon, nag-*plagiarize* mula sa Internet ng pagsusuri sa sosyalismo ni Ka Amado. Pero panis pa rin daw 'yon sa estudyante n'ya noon sa UPLB. Nagko-*quote* ng 1903 na pag-aaral tungkol kay Edgar Allan Poe.

Madalas ma-*parody* si U ng kanyang mga estudyante. Sa ginagawa nilang *skit* para sa *video presentation*. Sa ginagawa nilang maikling kwento. Laging may gurong masungit na panay ang pagpapalabas sa mga estudyante. Kahit daw sampung taon na s'yang nagtuturo, nasasaktan pa rin s'ya. Pero 'yon ako e, sabi ni U. Ako 'yung kontrabida.

Hindi tao ang tingin ni U sa mga estudyante n'ya. Mga *parasite* daw ito. Mga *hoodlum*. Mga *lumpen*. Mga konyo. Mga kaaway. Mga walang karapatang umupo sa sira-sirang silya ng *College of Arts and Letters*. Mga walang karapatang masinagan ng kukurap-kurap na *flourescent lamp* ng AVR ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. May isa raw s'yang estudyante, nagsulat ng *graphic sex scene* tungkol sa dalawang trese anyos. Nang ni-*reject* n'ya ang maikling kwento nito, nagkelamo ang estudyante na panay daw ang kanyang gastos sa klase.

Mahilig mag-*stalk* ng estudyante si U. Noong bago magsara ang *Friendster*, sinubukan n'yang *i-add* lahat ng kakilala n'yang estudyante sa *Facebook*. Awa ng Diyos, may isang naging *friend* n'ya. Kaso in-*unfriend* din ako, sabi ni U. Hindi raw n'ya alam kung bakit. Nag-*like* lang naman s'ya ng *picture* nito. Nakabikini raw. Pero hindi lang daw s'ya 'yung tanging *teacher* na nag-*like*. Marami raw nag-*comment*, at isa roon ay sir din ang tawag ng estudyante.

Kahit sa mabait na estudyante, nagkakaproblema si U. Isang beses, nagkaroon s'ya ng estudyanteng ngongo. Panay daw ang *recite*. Hindi raw n'ya maintindihan madalas ang sinasabi. Panay lang ang tango n'ya. Binigyan ko ng uno, sabi ni U. Mataas naman sa *quizzes*. Sa ibang klase naman, nagtatalo sila tungkol sa aborsyon. Tanong ni U, paano kung may Down Syndrome ang *fetus*. Nabasa raw n'ya kasi kay Peter Singer ang argumengtong iyon. May naiyak na estudyante. *Special* pala 'yung kapatid. Panay ang *sorry* ko, sabi ni U. Pati raw tuloy mga *pro-choice* ang posisyon na kaklase nung umiyak, naging *pro-life*.

Sa UPLB noon, may estudyante si U na laging late. Umaga ang klase nila, at sa una'y pinagbibigyan n'ya ito. Ang kaso, naging madalas na makasalubong na kasama ang *girlfriend*. Lagi n'ya tuloy nabubulyawan. Sa dulo ng sem, punong-puno na s'ya. Sa huling araw ng klase nila, *late* ulit. E presentasyon ng *final project*, sabi ni U. So nung dumating, pinatayo ko sa sulok. Sumunod naman daw iyong estudyante. Tahimik lang, sampung minutong walang imik. Pagkatapos, nagtaas ng kamay. Hindi

n'ya muna pinansin. Pagkatapos, tinarayan n'ya. Wala akong pakialam kung sumabog ang pantog mo d'yan, sabi ni U, hindi ka pwedeng bumanyo. Nangulit. Taas nang taas nang kamay, sabi ni U, akala mo inaabot ang kisame. Pwede ba raw s'yang umupo na. Nabundol daw kasi s'ya habang papunta sa klase nila.

Niloloko ka lang nun, sabi ko. Ang *melodramatic* na nga ng binebenta, binili mo pa. Na-guilty daw kasi s'ya. Bahagi ng rason kung bakit s'ya asar na asar sa estudyanteng iyon ay dahil estudyante n'ya rin 'yung *girlfriend*, at *crush* na *crush* n'ya. Naging *crush* daw n'ya 'yung babae bago pa man n'ya maging estudyante. Anak daw kasi ito ng may-ari ng isa sa lagi n'yang kinakainang karinderya sa gilid ng LB. Serbidora. Mabilis mag-*refill* ng tubig.

Maraming *crush* na estudyante si U. Ang problema, puro bobo. Merong isa, bilang *joke*, tinanong n'ya kung bakit nag-iiba ang hitsura ng buwan. *Physics major* kasi, sabi ni U. Dahil daw sa mga ulap, sabi ng estudyante. Hindi raw nagbibiro, sabi ni U. Hindi raw talaga alam kung ano ang dahilan, at iyon ang pinakamagaling na hula.

Meron din namang mga *crush* n'ya, at medyo may utak, at palakaibigan. Kaso nga lang, kaibigan talaga ang tingin sa kanya. Panay ang kwento tungkol sa mga lalake. Mayroong isa, limang taon nang *girlfriend* pero hindi pa ipinapakilala sa pamilya. Di lang sa mga magulang, pati sa mga kapatid. Pati sa mga kaibigan. Meron namang isa, panay ang kwento tungkol sa *crush* na *prof*. Gwapo raw, sabi ni U. Matalino raw, sabi ni U. *Co-teacher* pala n'ya. Ayun, huli n'yang balita, sila na nga.

May reputasyon na si U, pero hindi bilang pumapatol sa estudyante, kundi bilang bakla. Lahat daw kasi ng kaibigan n'ya, bakla. At iyon daw ang laging tinatanong ng estudyante, kung bakla s'ya. Ayaw n'yang sagutin. Sabi raw kasi si Sedgwick, hindi raw dapat nag-a-out bilang *straight*. *Homophobic* daw 'yon, sabi ni U. O *heterocentric*? Hindi raw n'ya maintindihan. Basta raw, hindi dapat umaaming *het*. Mahilig sa teorya si U. Buong identidad n'ya bilang guro, nakabase sa teorya. Kaya raw hindi s'ya nagpapa-*exam*. Kasi hindi raw iyong tamang sukatan ng talino. Tsaka raw, kahit araw-araw s'yang nagpapagawa ng *reaction paper*, hindi n'ya tsinetsakan. Ang kailangan daw kasi, ma-*practice* ang pagsusulat ng mga estudyante, hindi ang kanyang pagbabasa. Ang kasalukuyang n'yang obsesyon, *gamification*. Kailangan daw maging parang *roleplaying game* ang klase. May *character sheets*.

May *level ups*. May *rewards*. Tanong ko, hindi ba sapat na *reward* ang mataas na *grade*?

Naiinggit si U sa mga estudyante n'ya. Kung *undergrad* lang daw s'ya ngayon, ang dali sana ng buhay. Mas maraming *mall*. Mas buhay ang *Internet*. Puro *text* ang mga tao. At mas malandi. Noon daw nasa kolehiyo s'ya, marami s'yang pagkakamali. Panay daw ang *concentrate* n'ya sa isang babae lang. Puro s'ya pag-ibig. Sabi ko, serial monogamist. Magkaiba raw iyon. Hindi kasi maka-*move on* si U mula sa pagkakabasted. Kaya kukulitin n'ya nang kukulitin ang nililigawan, kahit na ilang beses na s'ya nitong tinatanggihan. Wala rin namang bumibigay. S'ya lang din daw ang nagsasawa. Pagkatapos, maiinlab s'ya sa iba. Iyon naman daw ang kanyang pagpupursigihan. Pagsasayangan ng panahon. Wala s'yang oong natatanggap. Walang pag-ibig n'ya ang ibinabalik. Kung *undergrad* lang daw s'ya ngayon, hindi na s'ya iibig. Maglilwaliw lang daw s'ya. Puro *chat* at *text* lang, puro kain sa labas at sine. Walang seryosohan. At walang ligawan. Para wala ring basted.

Wala ibang pantasya si U kundi ang bumata ulit. Para raw maitama n'ya lahat ng kanyang pagkakamali. Mag-aaral daw s'ya ng *European Languages*. Kailangan daw n'yang matuto ng Aleman at Pranses. At siguro Espanyol, sabi ni U. Mag-aaral daw s'yang lumangoy. Mag-aaral daw s'yang magbisikleta. Tsaka mag-*drive*, sabi ni U. Tsaka magluto. Tsaka kumain ng iba't iba. Hindi iyong puro prito. Kakain daw s'ya ng gulay. Tsaka magdi-*gym*. Magpapalaki raw s'ya ng masel. Matututo ng *boxing*. Tsaka lahat ng pwede n'yang araling *martial arts*, mula kung fu hanggang judo. Pwera lang daw taekwando, dahil iyon ang *sport* ng naging *boyfriend* ng *girlfriend* n'ya. Lagi n'yang binabanggit 'yon, sabi ni U. Kaya raw magaling 'yung lalake sa pananakal.

Gusto raw n'yang subukan lahat ng hindi n'ya pa nasusubukan. Gusto n'yang sumakay ng *roller coaster*. Gusto n'yang magdroga. Hindi lang marijuana, sabi ni U. Tipong *heroin*, ganyan. *Ecstasy*. Gusto raw n'yang mag-*disco*. *Bar*, sabi ko.

Gusto raw n'yang maging kumpleto ang kanyang buhay. Kaso hindi naman nga s'ya pwedeng maging bata muli. Kaya di kailanman n'ya mabubuo. Tanong ko, bakit hindi mo gawin ngayon 'yung mga sinasabi mo? Huli na raw, sabi ni U. Masyado na raw s'yang mahina para maging *sporty*. Ayaw na n'yang matuto. Takot na raw s'ya masyado para mag-*roller*

*coaster*, o mag-*heroin*. Masyado na raw s'yang matanda para sa *disco*. Ang pinakakatanggap-tanggap na lang, magpunta s'ya sa *beerhouse*.

Ang tanging *option* na lang daw, ang gawin ang mga pangarap n'ya pag matanda na s'ya. Iyong tipong wala na ang mga magulang n'ya, para walang mapapahiya. Syempre, hindi na pwede ang ilan sa kanyang listahan. Pero pwede pa rin daw s'yang mag-*ecstasy*. Tsaka mag-*roller blades*. Tsaka mag-judo. *Bucket list* bale, sabi ko. List syempre, sabi ni U, para maisa-isa.

Nahihirapan si U pag nagri-*reach out* sa kanya ang mga estudyante. Isang sem, sa huling araw ng klase, may nagdala ng *cake*. Sinundo ko si U mula sa UP noon. Inaalok s'ya ng *cake* ng mga estudyante, pero nagmamadali n'ya akong hinila paalis. Isang *summer* naman daw, may nagyaya sa kanyang mag-*swimming*. Sa Commonwealth daw, sabi ni U, pinaparentahan bale ng may-ari 'yung *pool*. Para lang daw sa Laguna. Tinanong pa s'ya ng mga estudyante n'ya kung umiinom s'ya. Ang sabi n'ya hindi. Bakit daw hindi. Nagsimula s'yang magtalumpati tungkol sa kasamaan ng alak. Ilang minuto rin ang inabot bago nagtaas ng kamay ang isang estudyante n'ya. Kahit na raw hindi s'ya uminom, sama pa rin daw s'ya. Hindi pwede, sabi ni U, masama raw tingnan. Pero sa totoo raw, kahit mabuting tingnan, hindi pa rin s'ya sasama. *Anti-social* lang talaga s'ya.

Iba pag sa klase n'ya nakakaengkwentro ang mga estudyante. Sa *classroom*, nakasuot s'ya ng maskara. S'ya 'yung apelyido ang tawag sa estudyante. S'ya 'yung naninigaw. S'ya 'yung walang argumentong nakakakumbinsi. S'ya 'yung mahilig magpatawa pero hindi tumatawa pag estudyante ang nag-*joke*. Nasasanay ka sa *role* mo, sabi ni U, parang kontrabida. Sa huli, wala ka nang ibang pwedeng gampanan.

Hindi naman talaga pinangarap ni U maging guro. Ang balak n'ya noon magtrabaho sa dyaryo, kasi iyon ang akala n'yang trabaho ng mga gustong maging manunulat. Tapos isang araw, nagreport s'ya. *College* na ito. Nagreport s'ya, at nahusayan s'ya sa sarili n'yang pagsasalita. Walang kwenta ang report ng mga kaklase n'ya. Doon n'ya unang sineryoso ang ideya na maging guro. Apat ang kanyang naging modelo. Isang matabang gurong kwento nang kwento tungkol sa iba't ibang manunulat, na puro lang *joke* at wala man lang *syllabus*. Isang baklang gurong puro tsismis. Isang babaeng gurong parating absent, at walang kaabog-abog magpahiram ng libro. At isang matandang gurong na-*torture* noong Martial Law. Iyong huli lang daw ang tradisyonal magturo. Iyong may *quizzes* at *reporting* at *lecture*.

Ito ang naging introdusyon n'ya sa mundo ng teorya, at sa teorya ng popular na kultura. Iyong tatlo, puro manunulat. Kaya siguro burara, sabi ni U. Kaya ako nagkaganito. Sila ang mga modelo ko.

Ebolusyon daw s'ya. Lohikal na konklusyon. Distilasyon. Pinakabagong iterasyon. Alam n'ya kung ano ang tingin ng mga estudyante sa mga klaseng itinuturo n'ya. Walang kwenta ang Filipino. Walang kwenta ang *general education*. Alam n'yang kaya lang s'ya pinipili ng mga ito imbes na ang kanyang mga kapwa guro ay dahil s'ya ang may reputasyon na mataas magbigay ng grado at kaunti lang ang pinapagawa. Bilang ganti, ibinibigay lang n'ya sa mga ito ang kanilang inaasahan. Reporting na hindi kailangan ng input. Edukasyon bilang memorisasyon. Alam n'ya kung ano s'ya. Turnilyo sa isang dambuhalang makina. Alam n'yang hindi s'ya magiging dakila. Alam n'yang hindi magiging dakila ang mga tinuturuan n'ya. Alam n'yang bigo s'ya, at mabibigo sila. Alam n'yang walang sinoman ang may patutunguhan. Walang makakaalala sa akin, sabi ni U. Walang makakaalala sa atin.

Dahil sa *stroke*, balbado na ang tatay ni U. S'ya ng kanyang nanay ang nag-aalaga rito. Hindi. Ang nanay n'ya ang nag-aalaga sa kanilang dalawa. Hindi kasi tumutulong sa bahay si U.

Ganito ang pang-araw-araw n'yang buhay. Gigising s'ya ng alas otso ng umaga. Papatayin n'ya ang laptop na pang-*torrent* at bubuksan ang isa pang *laptop*. Ito ang gagamitin n'yang pang-*computer* buong araw. Inom s'ya ng kanyang *fiber-rich drink* habang nag-i-*Internet*. Babanyo s'ya ng mga alas nueve. Alas-diyes na s'ya lalabas ng banyo. Pagkabihis, direktso s'ya sa kusina para sa *second breakfast*. Tinapay. Madalas tasty, o di kaya'y monay. Paminsan-minsan, pan de red. Pag pan de red lagi s'yang napapasobra. Hanggang alas-onse nasa tapat s'ya ng computer. Pag may pasok. Dahil walang pasok, hanggang alas-dose s'ya nakatutok sa *screen*. Alas-dose tawagin s'ya para magtanghalian. Kakain sila ng nanay n'ya, pagkatapos ay pupunta ito ng kwarto para pakainin ang tatay n'ya.

Taong 2010 na-*stroke* ang tatay ni U, isang buwan na halos ang una nilang mahabaang paghihiwalay ng girlfriend n'ya. Kasalanan ko, sabi ni U, nag-away kami tungkol sa aso. Fulgoso ang pangalan ng aso. Pag-aari ito ng *tenant* nila. Bawal dapat silang magkaaso, sabi ni U. Pero pumayag ang tatay n'ya. Tatlong maliit na bahay, mala-*squatter*, ang pinauupahan nila U. Katabing-katabi nila ang tenant na ayaw ni U. Kasi, pabaya ito. Kaedad

n'ya, pero may asawa't anak na. Kalahating-Briton, hindi man lang marunong mag-Filipino, at nanay ang nagbabayad para sa renta. Madalas makipagsigawan sa asawa. Madalas makipag-inuman hanggang madaling araw. Madalas mag-*park* sa tapat ng gate nila. Inggit si U sa yaman nito. Inggit si U sa ganda ng asawa nito. Inggit si U na wala itong trabaho pero nagagawa nito lahat ng pagpapakasarap na pangarap n'ya.

Bumili ito ng aso. Hindi nito inalagaan. Tatay at nanay ni U ang nag-alaga sa aso. Sila ang nagpakain. Sila ang nagpaligo. Sila ang nagpangalan. Mas kinikilala nito ang Fulgoso kaysa sa kung ano ang tawag dito ng may-ari. Sa una, hindi pinapansin ni U ang aso. Tinatahulan pa nga s'ya nito. Buti na lang maliit lang at askal, sabi ni U, kundi natakot ako. Unti-unti, napalapit na rin s'ya kay Fulgoso. Nagsimula sa pagbibigay ng kapisirong *hotdog*, nauwi sa pakikipaghabulan. Walang *girlfriend* si U noon, at dahil sa sakit at madalas nasa bahay imbes na sa mall. Isang araw natagpuan na lang n'ya ang sariling kinukutuhan si Fulgoso.

Pero kahit sila ang nag-aalaga, hindi sila ang may-ari. Sa bahay pa rin ng lasenggerong kalahating-Briton umuuwi ang aso. Hindi nila ito nababantayan mula sa alas otso ng gabi (pagkatapos itong pakainin ng hapunan) hanggang ala sais ng umaga (oras ng agahan). Dapat kasi, sabi ni U, aalis na 'yung *tenant*. Nagpaalam na ito. Kinain na 'yung *advance* sa bahay. Ang mangyayari, iiwan na sa kanila 'yung aso. Gusto sana ni U, sa bahay na nila ito matulog. Pero isang buwan na lang naman e, ano pa ang pinagkaiba? Ang pinagkaiba pala ay patay na ito.

Nasagasaan si Fulgoso. Uso sa barangay nila ang pagmomotor, at ayun, nahagip. Isang umaga, hindi na lang ito sumipot para sa agahan. Nakita ito ng isa pa nilang *tenant*, nakahandusay isang kanto ang layo mula sa bahay nila. Sinisi ni U ang tatay n'ya. Pinagbigyan kasi nito ang mga utang ng kalahating-Briton sa renta. Pinagbigyan kasi nito ang pagba-*bribe* ng kalahating-Briton sa nag-iinspeksyon para hindi putulan ng ilaw. Pinagbigyan kasi nitong magkaaso ang kalahating-Briton, pinagbigyan nitong magpabaya, pinagbigyan nitong patayin si Fulgoso. Minsan nang inatake sa puso ang tatay ni U, at madalas ginagamit ang pagiging sakitin para sa *emo blackmail*. Akala ni U pumepeke lang ito nang mangisay. Ayun, may napatid na pala sa utak.

Subukan man ni U, hindi s'ya makaramdam ng *guilt*. Pag naiisip n'yang humingi ng tawad, naiisip n'ya 'yung aso. Isa pa, wala rin naman



nang saysay pang mag-*sorry*. Hindi na rin naman s'ya maiintindihan ng tatay n'ya. Hindi na ito makapagsalita. Wala na ring indikasyong naiintidihan pa nito ang mga sinasabi nila. Ang alam na lang nito ay kumain. Hindi na nga ito marunong bumanyo. Sa puntong iyon lang may simpatya si U sa tatay n'ya. Nakasuot na ito ng *adult diapers* dahil wala nang kontrol sa kawatan. Madalas matae sa pantalon si U, mula elementarya hanggang ngayon. Paano'y naging senyales nga ng paghilom sa kanya ang pag-utot, ang pag-utot nang walang sakit. Kaya utot s'ya nang utot, at hindi iisang beses na may sumabay na tae.

Madalas ding may problema si U sa pag-ihi. Isang hapon noong *high school* pa s'ya, pauwi na s'ya nang makaramdam ng pag-iinarte ng pantog. Isang kanto na ang layo n'ya mula sa *gate* ng UPIS, kaya umihi na lang s'ya sa pantalon n'ya. Umaambon din naman, at naisip n'ya walang makakapan-sin. Ngayon namang nagtuturo na, madalas n'yang maihian ang *area* sa may *zipper*, sa pundilyo. O di kaya'y ang kanyang mga daliri. Mahina na kasi ang ihi ni U, at madalas s'yang makaramdam na may kailangan s'yang ilabas kahit na wala naman s'yang malabas.

Buti na rin na iniwan n'ya ako, sabi ni U. Naaawa s'ya sa nanay n'ya ngayon. Gusto nito ng paglalamilyerda. Gusto nitong pumunta sa iba't ibang bansa. Ang pagreretiro nito dapat ang magbibigay ng kalayaan sa kanya. Imbes, nakapako ito sa bahay nila, nag-aalaga ng isang baldado at isang batugan. Hanggang kamatayan ang sumpaang mag-asawa, at lampas pa rito ang sumpa ng pagkakaroon ng anak. Ayaw ni U ng responsibilidad, pero higit pa rito, ayaw n'yang maging responsibilidad. Limang taon na kasi kami, sabi ni U. Kailangang umusad. Kung hindi kami magbi-*break*, sabi ni U, kailangan naming magpakasal. At ayaw n'yang magpakasal. Ayaw n'yang sumumpa. Ayaw n'ya ng walang hanggan.

Mahilig mamilosopo si U tungkol sa pagmamahal. Ang pagmamahaldaw ay ang pagpapayabong ng sarili sa pamamagitan ng pagpapayabong sa iba. Halaman, sabi ko, halaman tayo. Halaman, sabi ni U, at hardinero. Sa kanyang pagpapakahulugan lang daw mayroong *consistency* ang pagmamahal. Sa depinisyong ito, sabi ni U, pwede mong mahal in ang iyong ina, ang iyong syota, ang iyong bayan, ang iyong aso, ang iyong pagsusulat. Ito ang pinakamakasariling pakikipagkapwa. Ang pinakamaganda sa kanya, sabi ni U, pwede mo s'yang gawin nang mag-isa.





-TILDE

*poetry*

